

Paano Maiiwasan na Makagat ng Asong mga Bata

Nakamamangha ang pagkakaibigan ng mga bata at mga asong lalo na kung sila ay naturuan ng tamang pakikihalubilo at respeto sa isa't isa. Importante ang tamang pagsasanay at paggabay sa mga bata at sa ating mga alaga upang maiwasan na magkaroon ng aksidente o disgrasya.

Kapag nakagat ang isang bata, parehong magsasakripisyo ang bata at ang asong nakakagat. Kahit hindi nasaktan ng pisikal, maaaring maapektuhan ang kaniyang emosyon at damdamin. Maaaring ipamigay ang asong nakakagat, na magdudulot na mahirapna paghanap ng bagong pamilyang tatanggap sa kanya o kaya naman ay papatayin na lamang upang hindi na makasakit pa.

Ano ang dapat malaman ng aking anak upang hindi makagat ng aso?

- Turuan ang ating mga anak na huwag tuksuhin ang aso. Turuan sila na maging mahinahon at kalmado sa mga aso, lalo na sa hindi nila kilala.
- Sabihin sa ating mga anak na huwag tumakbo, tumalon o sumigaw kapag may ibang aso dahil hindi natin alam kung ang kilos na ito ay magdudulot ng takot o galit sa asong iyon.
- Maaaring makaramdam ng pagbabanta sa aso kapag ang bata ay tinitigan ito sa may mata, lalo na kung sila ay magkasing-taas.
- Huwag gigisingin ang natutulog na aso. Maaaring magulat at magalit ang aso kapag ito ay ginising.
- Sabihin sa ating mga anak na huwag sakyan ang mga aso sa likod, kahit ito ay alagang aso. Maaaring ligtas na sakyan ang alagang aso ngunit baka gayahin ng mga bata ito sa ibang aso at sila ay makagat.
- Turuan ang ating mga anak na huwag hawakan ang ibang aso ng hindi humihingi ng pahintulot.

Ano ang dapat malaman ng aking alagang aso?

- Turuan ang alagang aso na makisalamuha sa mga bata, lalo na habang tuta pa lamang ito. Bantayan ang alagang aso habang sila ay nakikipaglaro sa mga bata; ihinto ang kanilang paglalaro kapag sila nagkakasakitan na.

- Sanayin na hawakan ang lahat ng parte ng aso. Kapag ayaw magpahawak ng aso, hawakan siya parte na gusto niya habang kinakausap siya ng mahinahon, at unti-unting ilipat ang kamay sa parte na hindi niya gusto. Purihin siya kapag hindi siya nagalit at maaari din siyang bigyan ng treats. Ulitin ito hanggang nagpapahawak na siya sa lahat ng parte ng katawan.

Ano ang mga dapat kong malaman?

- Isali ang buong pamilya kapag tinuruan ang alagang aso upang maintidihan ng lahat ang ugali ng alaga.
- Huwag titigan sa mata ang aso dahil baka makaramdam sila ng pagbabanta.
- Bantayan ng maigi ang alagang aso kapag may kasamang ibang bata dahil hindi natin alam ang magiging reaksyon ng ating alaga.
- Ipatingin agad sa beteryaryo ang alagang aso kapag nagbago ang ugali nito (halimbawa, pagiging irritable). Ang pagbabago ng ugali ay maaaring sanhi ng sakit na nararamdaman ng aso at kailangang gamutin agad.

Kapag ang ating alagang aso ay hindi sanay na may kasamang bata, tungkulin natin protektahan pareho ang anak at ang ating alaga. Huwag natin hayaan na makakagat ang ating alagang aso. Turuan natin ng tamang pakikihalubilo ang ating mga anak at mga alagang aso upang sila ay magkaroon ng matiwasay, ligtas at masayang pagsasama.

Bakit Importanteng Turuan ang Tuta na Sumunod?

Kailangang turuan ang tuta na sumunod sapagkat ang tutang naturuang sumunod ay lumalaking masayang aso. Malugod ang pagtanggap sa kanila ng mga tao at maging ng ibang aso. Sila ay nananatili pag sinabihan at lumalapit pag tinatawag. Nakakaaliw na ilakad sila sa parke, isama sa pasyalan at eskursyon ng pamilya. Sila ay itinuturing na respetadong miyembro ng pamilya.

Ang aso naman na hindi naturuan ay hindi nagiging masaya. Hindi sila nabibigyan ng mga pribilehiyo. Kailangan silang ikulong kapag may bisita sapagkat sila ay magulo. Kapag oras ng kainan, nanghihingi sila ng pagkain. Kapag inalis ang tali,

lumalayo sila na nagiging sanhi na sila ay mawala o masaknan. Walang gustong ilakad sila sapagkat sila ay nanghihila. Kailangan silang iwan dahil magiging perwisyo sila sa eskursyon ng pamilya.

Tandaan na ang aso ay nabubuhay ng 10 hanggang 16 taon! Nasa ikabubuti ng may ari at ng aso na turuan ang tuta habang sya ay maliit pa. Ang intensyon ay magkaroon ng gabay para sa mabuting asal. Maaari itong makamit sa pamamagitan ng pagtuturo sa tuta ng ilang elementaryang utos. "Sit and stay" o "maupo at manatili", ay maaaring gamitin para manatili ang tuta sa isang lugar sa maikling panahon. Kapag may kumatok na bisita, "sit and stay" o "maupo at manatili" ay maaaring gamitin upang hindi ito pasugod na makipag unahan sa pinto.

Kapag tinuturuan ang tuta, parating gamitin ang kanyang pangalan at ulit-ulitin ang utos lalo na sa umpisa, bigyan ng pagkain o "treats" tuwing sya ay sumusunod. Habang natututo ang tuta, bawasan ang dalas ng utos at magbigay ng mas mahabang agwat sa oras. Kalaunan ang pagbigay ng pagkain o "treats" kada sunod sa utos ay maaaring unti-unting gawing madalang, ngunit sa umpisa ito ay importante upang panatilihin ang atensyon ng tuta.

Tandaan na upang magtagumpay sa pagtuturo, importanteng panatilihin gumamit ng isang paraan ng pagtuturo, magkaroon ng mahabang pasensya, at gamitin ang pamamaraan na tinatawag na "positive reinforcement" - ang pagbigay ng pabuya kapag ang utos ay sinunod, na nagbibigay ng mas mataas na posibilidad na maulit ang pagsunod sa utos.

Ang buong sambahayan ay kailangang gamitin ang parehong paraan ng pagtuturo sa tuta. Gawing masayang karanasan ang pagtuturo para sa lahat, pati na rin para sa tuta. Ang mga menor de edad ay kailangang bantayan upang mapanatili ang kaligtasan ng tuta at siguraduhing hindi sila natututo ng maling asal. Ugaliing bigyang pabuya and iyong aso sa pagiging masunurin at huwag parusahan pag sila ay nagkakamali.

Maraming libro tungkol sa pagtuturo ng elementaryang utos gamit ang "positive reinforcement;" maaaring pumunta sa lokal na aklatan. Tandaan, ang asong

naturuang sumunod ay isang masayang aso kaya maglaan ng oras para turuan ang iyong tuta.

*Isinalin sa Filipino ni Jeralyn Verdejo - Volunteer Translator ng Phoenix Legacy of Compassion at Philippine Animal Rescue Team (PART)

*Mula sa orihinal na panulat ni Dr. Sherry Woodard ng BestFriends Animal Society

